4

# Araling Panlipunan

## Unang Markahan- Modyul 1
## Ang Pilipinas ay Isang Bansa

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

## *Alamin*

Sa modyul na ito ay tatalakayin ang pagkilala sa isang bansa. Nakapaloob dito ang pagtalakay sa konsepto ng bansa sa pamamagitan ng mga elemento nito, pagbuo ng kahulugan ng bansa, at pagpapaliwanag na ang Pilipinas ay isang bansa.

Maliban diyan, alam mo na ba ang mga element ng isang bansa? Kung hindi pa, halika at tuklasin mo ang mga elemento ng bansa sa tulong ng modyul na ito.

Alamin mo ngayon kung bakit masasabing isang bansa ang Pilipinas.

- Natatalakay ang konsepto ng bansa (AP4AAB-Ia-1)

## *Subukin*

Panuto: Bashain ang mga pangungusap o tanong. Piliin at isulat ang letra ng sagot sa sagutang papel.

1. Ito ay tumutukoy sa lugar o teritoryo na may naninirahang mga grupo ng tao na may magkakatulad na kulturang pinanggalingan kung kaya makikita ang iisa o pare-parehong wika, pamana, relihiyon at lahi.
    a. Teritoryo
    b. Bansa
    c. Pamahalaan
    d. Lalawigan

2. Ito ay tumutukoy sa lawak ng lupain at katubigan kasama na ang himpapawid at kalawakan sa itaas nito.
    a. Teritoryo
    b. Bansa
    c. Lalawigan
    d. Mundo

3. Sila ay namamahala o organinsasyong political na itinataguyod ng mga grupo na naglalagay ng metatag na kaayusan at mapanitili ng isang sibilisadong lipunan.
    a. Bansa
    b. Pamahalaan
    c. Departamento
    d. Organisasyon

4. Ano-anu ang salita o katangian ng isang lugar para masabing isang bansa?
    a. May tao
    b. May tao at teritoryo
    c. May tao, teritoryo at pamahalaan.
    d. May tao, teritoryo, pamahalaan, at soberanya o ganap na kalayaan.

5. Alin sa mga sumusunod na lugar sa mundo ang maituturing na bansa?
    a. Pilipinas
    b. United States of America
    c. China
    d. Lahat ng nabanggit

## *Balikan*

**Gawain 1. “MGA PROYEKTO AT SAGOT MO”**

**Panuto:** Lagyan ng tsek ( /) ang kahon sa gawing kanan ng talahanayan kung ang proyektong ito ay ipinapatupad ng inyong lalawigan at ekis ( X) naman kung hindi.


| | **Mga Proyekto** | **✓ o X** |
|---|---|---|
| 1. | Brigada Eskwela | |
| 2. | Tree Planting Program | |
| 3. | Medical Mission | |
| 4. | Scholarship Program | |
| 5. | Pagsasaayos ng kalsada at tulay | |
| 6. | Pagpapatupad ng Batas Trapiko | |
| 7. | Pagpaplano ng Pamilya | |
| 8. | Curfew para sa mga Menor de edad | |
| 9. | Libreng bakuna | |
| 10 | Feeding Program | |

Sa mga proyektong nabanggit, alin ang mga naisakatuparan sa inyong paaralan sa tulong ng pamahalaan? Ipaliwanag.

## *Tuklasin*

Magsimula ka na ngayon sa iyong bagong aralin. Subuking sagutan ang mga pangganyak na gawain.

**Gawain 2. "BANSA, BANSA SA BOLA GINAWA"**
**Panuto:** Gumuhit ng bola sa sagutang papel at isulat sa loob nito ang mga bansang alam mo.



**Gawain 3 "PALAISIPAN AY HULAAN"**

**Panuto:** Sagutin ang mga palaisipan base sa clue na inilaan. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. **s_b_ra_ _a**

Kapangyarihan ng pamahalaang mamahala sa kanyang nasasakupan.

2. **_e_it_r_o**

Lawak ng lupain, katubigan at himpapawid ng isang bansa


3. **p_m_ha_aa_**

Organisasyong politikal na naglalayong magtatag ng kaayusan at magpatupad ng programa para sa mamamayan.

4. **_a_am_ya_**

Ito ay pangkalahatang tawag sa mga taong nakatira sa isang teritoryo na tumutukoy sa populasyon ng isang bansa.

Basahin ang dayalogo ng bansang Pilipinas at Amerika upang masagutan ng wasto ang pagganyak na tanong.



Isa akong bansa dahil mayroon akong apat na elemento ng pagkabansa.

Ano-ano ang mga elementong ito upang matawag mo na bansa ang iyong sarili?

Ang mga elementong ito ay pagkakaroon ng tao o mamamayan, pamahalaan, teritoryo at soberanya o ganap na kalayaan.


Aba! Mayroon din akong mga elementong ganyan, kaya matatawag din akong isang bansa.

Sang-ayon ako diyan kaibigang Amerika. Hindi tayo magiging ganap na bansa kung kulang tayo ng alinman sa apat na elemento ng bansa.

Tama ka kaibigan. Ano kaya ang ibig sabihin ng apat na elementong ito?

Magandang tanong yan kaibigan. Ang unang elemento ay tao o mamamayan. Ito ay ang mga indibidwal na nakatira sa ating teritoryo.


Kung Gayon, mga Amerikano at Pilipino ang mga halimbawa ng elementong ito. Ano naman ang teritoryo?





Ang teritoryo ay ang lawak ng lupain, katubigan at himpapawid na pagmamay-ari ng isang bansa.

Sa madaling salita, ito ang tirahan ng mga mamamayan ng isang bansa. Ano ang tawag sa organisasyong namumuno sa kanila?


Ang pamahalaan naman ang tawag sa organisasyong polikal na namumuno sa mga mamamayan ng isang bansa.
Ang dami mong alam kaibigan. Sa pagkakaalam ko soberanya ang tawag sa kapangyarihan ng pamahalaan na pamunuan ang sarili nitong bansa
Tama ka kaibigan! Dagdag pa diyan ang soberanya ay tumutukoy sa pagiging ganap na malaya ng isang bansa.
Salamat kaibigan, at ako'y naliwanagan sa mga elementong dapat kong taglayin upang maging isang bansa. Hanggang sa muli, maraming salamat!

Tanong:

1.Ano ang pinag-usapan ng dalawang magkaibigan?

______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________

2. Mahalaga ba ang pakikipagkaibigan? Bakit?
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________

3. Ang Pilipinas ba ay isang bansa? Ipaliwanag.
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________

4. Paano masasabing ang isang lugar ay isang bansa?
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________

**Bansa**

Ang bansa ay lugar o teritoryo na may naninirahang mga grupo ng tao na may magkakatulad na kulturang pinanggagalingan kung kaya makikita ang iisa o pare-parehong wika, pamana, relihiyon, at lahi

Ang isang bansa ay maituturing na bansa kung ito ay binubuo ng apat na element ng pagkabansa-tao, teritoryo, pamahalaan, at ganap na kalayaan o soberanya.

**Ang Apat na Elemento ng Pagkabansa**

**1. Tao**

Ang tao ay tumutukoy sa grupong naninirahan sa loob ng isang teritoryo na bumubuo ng populasyon ng bansa.

**Teritoryo**

Ang teritoryo ay tumutukoy sa lawak ng lupain at katubigan kasama na ang himpapawid at kalawakan sa itaas nito. Ito rin ang tinitirahan ng tao at pinamumunuan ng pamahalaan.

**2. Pamahalaan**

Ang pamahalaan ay isang samahan o organisasyon political na itinataguyod ng mga grupo ng tao na naglalayong magtatag ng kaayusan at magpanatili ng isang sibilisadong lipunan.

**3. Soberanya o Ganap na Kalayaan**

Ang soberanya o ganap na kalayaan ay tumutukoy sa kapangyarihan ng pamahalaang mamahala sa kanyang nasasakupan. Tumutukoy rin ito sa kalayaang magpatupad ng mga programa nang hindi pinakikialaman ng ibang bansa. Dalawa ang anyo ng soberanya-panloob at panlabas. Ang panloob na soberanya ay ang pangangalaga ng sarling kalayaan. Ang panlabas naman ay ang pagkilala ng ibang bansa sa kalayaang ito.

Hindi maituturing na bansa ang isang bansa kung may isa o higit pang kulang sa alinman sa apat na binanggit na element o katangian. Sa kasalukuyan, may mahigit 200 bansa ang nagtatataglay ng apat na elemento ng pagiging ganap na bansa. Kabilang ang Pilipinas sa mga bansang ito. Ilan pang lugar sa mundo na maituturing na bansa ay ang United States of America, Australia, United Kingdom, Saudi Arabia, at China.

**Ang Pilipinas bilang isang Bansa**

**I. Tao**

Ang populasyon ng Pilipinas ay nasa mahigit na 109,581,078 sa taong 2020. (https://www.worldometers.info/world-populaion/philippines.population/)

Binubuo it ng mga katutubong pangkat etniko na matatagpuan sa iba"t-ibang lugar ng bansa.

**II. Teritoryo**

Umaabot sa 300,000 kilometro kuwadrado ang lawak ng teritoryo ng bansang Pilipinas. Ito ay binubuo ng 7,641 na mga maliliit at malalaking mga pulo na napapaligiran ng mga anyong tubig.

**III. Pamahalaan**

Artikulo II, Seksiyon 1 ng 1987 Konstitusyon, ang Pilipinas ay isang Estadong republikano at demokratikon. Ang ganap na kapangyarihan ay angkin ng sambayanan at nagmumula sa kanila ang lahat ng mga awtoridad na pampamahalaan.

**IV. Soberanya o Ganap na Kalayaan**

Ang Pilipinas ay nangangalaga sa sariling kalayaan at kinikilala ng ibang bansa ang kalayaang ito.

Ang Pilipinas ay kasapi ng nagkakaisang bansa (United Nations) at mga samahan sa Timoh-Silangang Asya (ASEAN)



## ***Suriin***

- Ang bansa ay lugar o teritoryo na may naninirahang mga grupo ng tao na may magkakatulad na kulturang pinanggalingan kung saan makikita ang iisa o pare- parehong wika, pamana, relihiyon at lahi.
- Ang isang bansa ay maitututring na bansa kung ito ay binubuo ng apat na elemento ng pagkabansa- tao, teritoryo, pamahalaan, at ganap na kalayaan o soberanya.
- Ang Pilipinas ay isang bansa dahil may mga naninirahan ditong tao, may sariling teritoryo, may pamahalaan, at may ganap na kalayaan.

## *Pagyamanin*

Ihanda ang iyong sarili sa mga sumusunod na gawain na magpapayaman sa iyong pang-unawa sa konsepto tungkol sa elemento ng isang bansa.

**Gawain 4. "TULA PARA SA BANSA"**

**Panuto:** Basahin ang maikling tula at isulat ang mga salitang nagpapatunay na ang Pilipinas ay isang bansa.


**Pilipinas, Bansang Malaya**
ni Kister Quin E. Escanilla

Isang bansa, Pilipinas ang halimbawa,
Tao ay malaya at may namamahala,
Ganap na soberanya, siya ay may taglay
Tunay na bansa, ang siyang magpapatunay.
Isang bansa, teritoryo'y tinatamasa
Mamamayan nya'y mahusay makipagkapwa
Iyan ang Pilipinas, bansang tunay
Ang kalayaan, ipaglalaban nang matiwasay.

## *Isaisip*

**Gawain 5. "MGA ELEMENTO, IPALIWANAG MO"**

**Panuto:** Punan ng elemento ng bansa ang bawat kahon at bigyan ito ng maikling paliwanag sa sagutang papel.




1. Ano ang kahulugan ng bansa?
2. Ano-anu ang katangian ng isang lugar para masabing isa itong bansa?
3. Bakit maituturing na isang bansa ang Pilipinas?

## *Isagawa*

A. **Panuto:** Lagyan ng tsek(/) ang bilang ng pangungusap na nagsasabi ng katangian ng isang lugar para maituring na isang bansa at ekis (x) naman kun hindi. Gawin ito sa sagutang papel.

_____1. May mga mamamayang naninirahan sa bansa.
_____2. Pinamamahalaan ng iba pang bansa.
_____3. Binubuo ng tao, pamahalaan, at teritoryo lamang.
_____4. May sarling teritoryo na tumutukoy sa lupain at katubigan kasama na ang himpapawid at kalawakan sa itaas nito.
_____5. May sariling pamahalaan.

B. Sa iyong simpleng paraan, paano mo maipakikita ang iyong pagmamahal sa bansa?

____________________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________
______________________

## *Tayahin*

**Panuto:** Tukuyin ang isinasaad ng bawat pangungusap. Piliin sa loob ng kahon ang iyong sagot.

| |
|---|
| Tao |
| Teritoryo |
| Pamahalaan |
| Soberanya |
| Bansa |

______1. Tumutukoy sa isang lugar na may naninirahang grupo ng tao na may magkakatulad na kulturang pinanggalingan kung kaya makikita ang iisa o pare-parehong wika, pamana, relihiyon at iba pa.

______2. Tumutukoy sa populasyon ng isang bansa.

______3. Tumutukoy sa kataas-taasang kapangyarihan ng pamahalaan na namamahala sa kanyang nasasakupan.

______4. Tumutukoy sa lawak ng nasasakupan ng isang bansa.

______5. Tumutukoy sa isang samahan o organisasyon pulitikal na itinaguyod ng mga grupo ng taong naglalayong magtatag ng kaayusan.


## *Karagdagang Gawain*

**Panuto:** Ibigay ang iyong opinyon sa mga sumusunod na katanungan. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

a. Ano ang mangyayari sa isang bansa kung kulang ito ng isang elemento? Ito ba ay matatawag na bansa?Ipaliwanag

_______________________________________________________________
_______________________________________________________________
_______________________________________________________________
_________________________________________

b. Isulat sa itaas na bahagi ng bandila ang sarili mong pagpapakahulugan sa isang bansa. Isulat naman sa ibabang bahagi ang dahilan kung bakit isang bansa ang Pilipinas.



## Susi sa Pagwawasto:

**Subukin**

1. B
2. A
3. B
4. D
5. D

**Balikan:**

Gawain 1

1. /
2. /
3. /
4. /
5. /
6. /
7. /
8. /
9. /
10. /

**TUKLASIN**

**Gawain 3**

1. Soberanya
2. Teritoryo
3. Pamahalaan
4. Mamamayan

**PAGYAMANIN**

**Gawain 4**

1. **Tao**
2. **Malaya**
3. **Mamahala**
4. **Teritoryo**
5. **mamamayan**

**PAGYAMANIN**

**Gawain 5**

1. **Teritoryo**
2. **Tao**
3. **Pamahalaan**
4. **Soberanya**

**ISAGAWA**

1. /
2. X
3. X
4. /
5. /

**TAYAHIN**

1. **Bansa**
2. **Tao**
3. **Pamahalaan**
4. **Teritoryo**
5. **Soberanya**